ABISO NG IMINUMUNGKAHING PAG-AAYOS SA CLASS ACTION

SA LAHAT NG KASALUKUYANG FOSTER CHILDREN SA WASHINGTON NA WALA PANG 18 TAON NA TUMUTUGMA SA PAGLALARAWAN SA IBABA:

1. Nakaranas ka na ng **5 o higit pang foster care placement** (at nagpalit ng mga foster home kahit isang beses sa nakaraang taon, tingnan ang mga detalye sa ibaba);
2. Na-refer ka sa o sa nasa **labas ng estadong group care** na mga placement;
3. Nakaranas ka ng **pamamalagi sa isang hotel o opisina** sa nakalipas na anim na buwan; o
4. Naghihintay ka ng higaan para sa **Pangmatagalang Programang Inpatient ng mga Bata (Children's Long-Term Inpatient Program, "CLIP")**.

Kung ikaw ang inilarawan sa itaas, o pinangangalagaan mo ang isa o higit pang batang inilarawan sa itaas,
pakibasang mabuti ang abisong ito.

Para acceder a una versión de este aviso traducida en ***español***, visite https://www.dcyf.wa.gov/ds-settlement-agreement;
Để xem bản dịch thông báo này bằng ***tiếng Việt***, vui lòng truy cập https://www.dcyf.wa.gov/ds-settlement-agreement;
សម្រាប់ការបកប្រែនូវសេចក្តីជូនដំណឹងនេះជា ***ភាសាខ្មែរ***, សូមចូលមើល https://www.dcyf.wa.gov/ds-settlement-agreement; ສໍາລັບການແປພາສາຈ້ໍາການນີ້ເປັນ***ພາສາລາວ***, ກະລຸນາເຂົ້າເບ່ິງ https://www.dcyf.wa.gov/ds-settlement-agreement;
如需本通知的***中文版***，请访问https://www.dcyf.wa.gov/ds-settlement-agreement;
Перевод этого уведомления на ***русский язык***опубликован по адресу https://www.dcyf.wa.gov/ds-settlement-agreement;
한국어로 번역된 공지문은 https://www.dcyf.wa.gov/ds-settlement-agreement 를 방문하여 확인하실 수 있습니다;
Para sa pagsasalin ng notice na ito sa ***Tagalog***, bumisita sa https://www.dcyf.wa.gov/ds-settlement-agreement;
በ***አማርኛ***ዚህን ማሳወቂያ ትርጉም ለማግኘት፣ እባክዎ https://www.dcyf.wa.gov/ds-settlement-agreementን ይጎብኙ;
Si aad ogeysiiskan ugu hesho ***Af-Soomaali***, fadlan booqo https://www.dcyf.wa.gov/ds-settlement-agreement.

Isa kang "class member" sa isang demanda na tinatawag na *D.S. et al., v. Washington State Department of Children, Youth, and Families, et al.*, Case No. 2:21-cv-00113. Binabanggit sa demandang ito na: (1) Hindi nagbibigay ang Department of Children, Youth, and Families ng mga serbisyo at suportang kailangan ng mga foster children; (2) Maraming foster children ang kailangang lumipat nang napakaraming beses, o kailangang manatili sa mga hotel o mga pagtatalaga sa labas ng estado o mga pasilidad ng CLIP.

May iminungkahing pag-aayos na tatapos sa demandang ito nang walang paglilitis. Dahil isa kang “class member,” maaaring maapektuhan ang iyong mga karapatan.

Sa ika-7 ng Septiyembre, 2022, magkakaroon ng pagdinig ng korte sa presensya ni Judge Barbara Rothstein ng United States District Court para sa Western District of Washington. Pagpapasyahan ni Judge Rothstein kung aaprubahan ba ang pag-aayos. Maaari lamang aprubahan ni Judge Rothstein ang panukalang pag-aayos kung malalaman niyang patas, makatuwiran, at sapat ito.

Maaari mong daluhan ang pagdinig ng Korte at sabihin sa Judge ang anumang positibo o negatibong komento.

Kung hindi ka naniniwala na dapat aprubahan ang kasunduan sa pag-aayos, maaari kang "tumanggi" at sabihin sa Judge kung bakit. Maaari mong sabihin sa Judge kung ano ang naiisip mo sa pamamagitan ng pagsasalita o pagpapadala ng nakasulat na mga komento. Ganunpaman, hindi ka obligadong dumalo o magbigay ng anumang komento.

ORAS NG PAGDINIG: Ika-7 ng Septiyembre, 2022, 1:00 PM
LOKASYON: Courtroom 16A, Seattle Courthouse para sa Western District ng Washington, 700 Stewart St., Seattle, WA 98101

Maaari kang makakuha ng higit pang impormasyon at magtanong sa pamamagitan ng pagsunod sa mga direksyon sa ibaba. Huwag tawagan o kontakin si Judge Rothstein o ang Klerk ng Korte hinggil sa Panukalang Pag-aayos.

Sino ang Sangkot Sa Demandang Ito?

Sa isang demanda sa class action, naghahabla ang isa o higit pang tao sa ngalan ng isang grupo (tinatawag na "Class") na may magkakahalintulad na paghahabol.

Idinulog ang kasong ito sa ngalan ng isang class ng lahat ng batang wala pang 18 taong gulang na, o sa hinaharap ay, maitatalaga ng Washington State Department of Children, Youth, and Families dahil sa isang paglilitis (sa ilalim ng Wash Rev. Code § 13.34) at kung sino ang naaangkop sa isa sa mga sumusunod:

1. nakaranas ng 5 o higit pang pagtatalaga (at alinman sa (a) nagbago ng mga foster home kahit man lang isang beses sa nakaraang taon, o (b) naitalaga sa isang Programa sa Kwalipikadong Pantahanang Panggagamot (Qualified Residential Treatment Program, QRTP) para sa nakaraang taon o higit pa);
2. na-refer para o sa mga pagtatalaga sa labas ng estadong group care;
3. nakaranas ng pamamalagi sa isang hotel o opisina sa nakaraang anim na buwan; o

4. naghihintay sa higaan para sa Children's Long-Term Inpatient Program ("CLIP").

Inihabla rin ang Mga Karapatan ng may Kapansanan sa Washington Disability Rights Washington (DRW). Magkasama, tinatawag na "mga Nagsasakdal" ang Class at Disability Rights Washington. Idinulog ang kaso laban sa Washington State Department of Children, Youth, and Families at sa Kalihim nito. Magkasama, tinatawag silang "mga Nasasakdal" o "DCYF."

Tungkol saan ang Demandang Ito?

Tungkol ang demandang ito kung ibinibigay ba ng Department of Children, Youth, and Families (DCYF) sa Class ang mga serbisyo at suportang kailangan nila.

Ipinaparatang ng mga nagsasakdal na kung walang naaangkop na mga serbisyo at suporta sa foster care, maraming mga foster children ang nahihiwalay sa kanilang mga immediate at extended na pamilya nang mas matagal kaysa sa nararapat. Habang hiwalay sila sa kanilang mga pamilya, maaaring kailanganin ding tumira ng foster children sa:

- mga pasilidad sa labas ng estado,
- tuluy-tuloy na isahang gabing pamamalagi sa foster care, at/o
- pamamalagi sa hotel/mga opisina ng pamahalaan.

Sinasabi ng mga nagsasakdal na nilalabag ng mga ganitong gawain ang mga karapatang ligal ng mga batang nasa Class. Itinatanggi ng mga Nasasakdal na nilalabag nila ang mga karapatan ng mga bata sa Class. Hiniling ng demanda sa Korte na atasan ang DCYF na gumawa ng mga pagpapahusay. Walang indibidwal na miyembro ng class ang babayaran ng anumang pera bilang "mga danyos."

Ano ang Gagawin ng Kasunduan sa Pag-aayos?

Sa halip na dumaan sa paglilitis, pinag-usapan ng mga Nagsasakdal at mga Nasasakdal ang isang "Kasunduan sa Pag-aayos." Hiniling ng mga partido kay Judge Rothstein na aprubahan ang Kasunduan sa Pag-aayos para sa Class.

Ang Abisong ito ay isang buod ng Kasunduan sa Pag-aayos:

Ang Kasunduan sa Pag-aayos ay isang plano para pahusayin ng DCYF ang mga serbisyo nito. Kasama sa mga pagpapahusay na ito ang sumusunod na trauma-informed, pangkulturang pagtugon, at LGBTIQA+ na nagpapatunay na mga alternatibo sa pagtatalaga sa labas ng estado, hotel/opisina, at

isang gabing foster care:

Programa sa Pabahay para sa Nagbibinata/Nagdadalaga (Emerging Adulthood Housing Program): Bubuo at magpapatupad ang DCYF ng iba't ibang suportadong programa sa pabahay sa buong estado para sa labing-anim hanggang dalawampung taong gulang na kabataan sa foster care o extended foster care na kwalipikado para sa programa at mas gugustuhin na mamuhay nang nag-iisa kaysa sa isang pamilya.

Propesyonal na Therapeutic Foster Parenting: Bubuo at magpapatupad ang DCYF ng kategorya ng kontrata at paglilisensya para sa mga propesyonal na therapeutic foster parent para pangalagaan ang mga batang may kapansanan sa pag-unlad o mga pangangailangan sa kalusugan ng asal.

Programa sa Pambuong-estadong Hub Home Model: Bubuo at magpapatupad ang DCYF ng isang pambuong-estadong Hub Home Model (HHM) na programa para sa foster, extended, at piniling mga pamilya na sumusuporta sa mga foster children.

Bilang karagdagan, gagawa ang DCYF ng mga pagpapahusay sa kasanayan para matulungan ang mga pagtatalaga na maging mas matagumpay sa pamamagitan ng mga sumusunod na aktibidad:

Pagrerebisa ng mga Pamantayan sa Paglilisensya: Aayusin ng DCYF ang mga kinakailangan sa paglilisensya para sa mga pagtatalaga sa foster care para maging mas naaangkop sa pag-unlad at flexible nang matugunan ang mga pangangailangan ng indibidwal na kabataan.

Pakikibahagi ng Stakeholder: Kukuha ang DCYF ng isang kwalipikadong Stakeholder Facilitator para manghingi, mangolekta, at mag-ulat sa input ng stakeholder tungkol sa mga pagsisikap na ito sa pagpapahusay:

Kinship Engagement Unit: Magtatatag ang DCYF ng isang pambuong-estadong Kinship Engagement Unit (KEU) na kinabibilangan ng modelo ng paghahanap ng pamilya para kilalanin at hikayatin ang mga miyembro ng pamilya at kaibigan ng Class Members para suportahan ang mga pamilya sa ligtas na muling pagsasama-sama o pananatiling magkasama.

Mga Referral at Transisyon: Magbubuo ang DCYF ng mga protocol sa referral at transisyon na mas mahusay na makakasuporta sa mga bata at kabataan kapag may nangyayaring mga pagbabago sa buhay nila.

Pagpaplano para sa Pampamilyang Grupo: Babaguhin ng DCYF ang kanilang mga patakaran at kasanayan sa Pagpupulong para sa Magkakasamang Pagpaplano (Shared Planning Meeting, SPM) atPagpupulong para sa Pagdedesisyon ng Pampamilyang Team

(Family Team Decision Meeting, FTDM) para mas mahusay na masuportahan ang mga kagustuhan at desisyon ng bata at pamilya.

Paglalagay sa Pangangalagang Panggrupo: Magtataguyod ang DCYF ng mas komprehensibong proseso ng pagtatasa para sa pagtutukoy kung angkop at kinakailangan bang ilagay ang isang bata sa pasilidad ng panggrupong pangangalaga.

Plano sa Pagpapatupad: Magbubuo ang DCYF ng Plano sa Pagpapatupad na maglalarawan kung paano nito tutuparin ang mga pangako nito, at kung kailan magagamit ang mga bagong serbisyo. Magiging available sa publiko ang draft ng Plano para makomentuhan bago ito isapinal.

Pagsusubaybay: Itatalaga si Kathleen Noonan bilang Tagasubaybay ng pagsunod ng DCYF sa Kasunduan sa Pag-aayos na ito. Aaralin ng Tagasubaybay ang Plano sa Pagpapatupad ng DCYF, aaralin nang tuluy-tuloy ang datos kaugnay ng performance ng DCYF, at magsusumite ng mga taunang pampublikong report kaugnay ng pag-usad ng DCYF sa pagpapatupad ng mga tuntunin ng Kasunduan sa Pag-aayos.

Pagwawakas ng Pag-aayos: Dapat ipagpatuloy ng DCYF ang pagpapatupad ng Kasunduan sa Pag-aayos hanggang matukoy ng Judge na naisagawa na ng DCYF ang lahat ng napagkasunduang pagbabago. Habang nagdedesisyon ito, isasaalang-alang din ng Judge kung:

- 90% ng kwalipikadong kabataan at bata na ini-refer sa o humihiling ng mga bagong serbisyo ay napaglingkuran sa loob ng 60 araw mula sa kahilingan o referral;

- Naiwaksi na ang mga paglalagay sa hotel/opisina at night-to-night foster care;

- Ang bilang ng paglalagay sa mga pasilidad sa labas ng estado ay napababa na hanggang 10 o mas mababa, maliban kung may mga pagbubukod; at

- Ang bilang ng mga batang nakaranas ng mahigit sa limang paglalagay ay nabawasan na ng malaki.

Hindi humihiling ang demanda ng anumang kabayarang pera, kaya **ang Kasunduan sa Pag-aayos ay walang kasamang pagbabayad ng anumang perang kabayaran sa sinumang miyembro ng class.** Hinihingi lamang nito ang mga pagbabagong ibinuod sa itaas.

Naglalaan din ang Kasunduan sa Pag-aayos ng award na mga bayad at gastos sa abogado sa mga abogado ng Mga Nagsasakdal, na babayaran ng Mga Nasasakdal. Hindi hihingi ang Mga Nagsasakdal ng anumang kabayaran mula sa mga anak ng Mga Nagsasakdal, at walang magiging utang na anumang uri ng pera, halaga, o bayarin ang mga miyembro ng class kaugnay ng demandang ito. Kasalukuyang nakikipagnegosasyon ang mga partido kaugnay ng paglalaan ng award na mga bayarin at gastos sa

abogado. Maaari mong maaccess ang mga filing ng Mga Nagsasakdal kaugnay ng mga bayarin at gastos sa abogado at mga gastusin sa o pagkatapos ng ika-5 ng Agosto, 2022 sa website ng DRW sa https://www.disabilityrightswa.org/cases/d-s-v-washington-state-department-of-children-youth-and-families at/o sa website ng National Center for Youth Law sa https://youthlaw.org/settlement-ds-v-washington-state-dcyf.

Sa halip na sumailalim sa paglilitis para hilingin sa Judge na magpasya nang pabor sa alinman sa Mga Nagsasakdal o Nasasakdal, hiniling ng DCYF at Mga Nagsasakdal sa Judge na aprubahan ang Kasunduan sa Pag-aayos.

Mayroon kang karapatang aralin ang buong Kasunduan sa Pag-aayos. Para makakuha ng kopya ng Kasunduan sa Pag-aayos, sundin ang mga tagubilin sa ibaba o bisitahin ang website ng DRW sa https://www.disabilityrightswa.org/cases/d-s-v-washington-state-department-of-children-youth-and-families at/o sa website ng National Center for Youth Law https://youthlaw.org/settlement-ds-v-washington-state-dcyf.

Mayroon ka ring karapatang sabihin sa Judge ang naiisip mo tungkol sa Kasunduan sa Pag-aayos para matulungan ang Judge na magpasya kung aaprubahan ito o hindi. Maaari mo itong gawin sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga nakasulat na komento, pagdalo at/o pagtestigo sa Pagdinig para sa Pinal na Pag-apruba, o pareho. Nasa ibaba ang mga tagubilin kung paano ito gagawin.

Ano-ano Ang Mga Opsyon Ko?

Magbigay ng Iyong Mga Komento sa Disability Rights Washington para Maibahagi sa Korte: Maaari kang magbigay ng mga komento sa Disability Rights Washington (DRW) sa pamamagitan ng email, sulat, o telepono. Dapat **matanggap** ang iyong mga komento **nang hindi lalampas sa** ika-12 ng Agosto, 2022 para maisaalang-alang ito ng Korte. Maaaring ipadala ang mga komento sa DRW sa alinman sa mga sumusunod:

> Sa koreo: Disability Rights Washington, 315 5th Ave. S., Suite 850, Seattle, WA 98104
> Sa email: DSSettlement@dr-wa.org
> Sa telepono: 206-324-1521 o 1-800-562-2702

Dapat mong pirmahan ang iyong sulat at isama rin ang iyong pangalan at impormasyon kung paano makipag-ugnayan sa iyo (address, email, numero ng telepono, atbp.) Ibabahagi ng DRW ang iyong mga komento sa Judge at sa mga abogado ng DCYF sa loob ng 7 araw pagkatapos matanggap o sa Judge sa ika-22 ng Agosto, 2022 o bago ang petsang ito.

Dumalo sa Makatuwirang Pagdinig (Fairness Hearing): Magkakaroon ng pagdinig na bukas sa publiko para pagpasyahan kung patas, makatuwiran, at sapat ang Kasunduan sa Pag-aayos. Gaganapin ang pagdinig sa ganap na 1:00 P.M. ng ika-7 ng Septiyembre, 2022 sa Courtroom 16A ng

Pampederal na Hukuman (Federal Courthouse) na matatagpuan sa 700 Stewart Street, Seattle, WA 98101.

Maaari kang dumalo at magsalita sa pagdinig para maibahagi ang iyong mga komento sa Judge. Pagkatapos ng pagdinig, gagawa ang Korte ng pinal na desisyon kung dapat aprubahan ang kasunduan.

Kapag nagbago ang petsa, oras, o lokasyon ng pagdinig, o kapag nagbago ang anumang iba pang impormasyon tungkol sa pagdinig, ipapaskil ang bagong impormasyon sa DRW website sa https://www.disabilityrightswa.org/cases/d-s-v-washington-state-department-of-children-youth-and-families at/o sa website ng National Center for Youth Law sa https://youthlaw.org/settlement-ds-v-washington-state-dcyf. Hindi ka na padadalhan ng dagdag na abiso kaugnay ng pagbabago.

Maliban kung gumawa ng pagbubukod ang Judge, hindi isasaalang-alang ng Judge ang anumang pagtutol na hindi ginawa sa o bago ang pagdinig gaya ng inilarawan sa itaas.

Paano Ako Makakakuha ng Higit Pang Impormasyon O Makapagtatanong?

Makakakuha ng kopya ng Kasunduan sa Pag-aayos at iba pang makakatulong na impormasyon, kabilang kung paano dumalo sa pagdinig, sa DRW website at https://www.disabilityrightswa.org/cases/d-s-v-washington-state-department-of-children-youth-and-families at/o sa website ng National Center for Youth Law sa https://youthlaw.org/settlement-ds-v-washington-state-dcyf. Maaari ka ring direktang makipag-ugnayan sa Disability Rights Washington kung mayroon kang anumang tanong o para humingi ng kopya ng Kasunduan sa Pag-aayos sa pamamagitan ng koreo sa: Disability Rights Washington, 315 5th Ave. S., Seattle, WA 98104, o sa pamamagitan ng email o telepono sa: 1-800-562-2702 at DSSettlement@dr-wa.org.

****Huwag tawagan si Judge Barbara Rothstein o ang Klerk ng Korte****

Hindi nila masasagot ang mga partikular na tanong kaugnay ng paghahabla o ng Kasunduan sa Pag-aayos. Gayunpaman, maaari mong aralin ang anumang hindi nakaselyong materyales na nai-file sa Korte sa pamamagitan ng pagpunta sa Tanggapan ng Klerk ng U.S. Pandistritong Hukuman para sa Western District of Washington sa 700 Stewart Street, Seattle, WA 98101. Bukas ang counter ng Tanggapan ng Klerk mula Lunes hanggang Biyernes 9:00 A.M. hanggang 4:00 P.M., maliban sa mga pista-opisyal ng Korte. Maaari mo ring ma-access ang Court docket ng kasong ito, nang may bayad, sa pamamagitan ng Pampublikong Access sa Mga Elektronikong Record ng Hukuman (Public Access to Court Electronic Records, PACER) system ng Korte sa https://pacer.uscourts.gov/. Para mag-aral ng mga materyales sa pampublikong record kaugnay ng kasong ito, sumangguni sa Case No. 2:21-cv-00113.